# Prologue

Pabagsak na inilatag ni Arissa ang katawan sa higaan niya at doon impit na umiyak. Pakiwari niya ay nagdilim ang buong paligid. Para siyang pinagsakluban ng langit at lupa. Ang kaligayahan niya noong nagdaang dalawang taon ay bigla na lamang naglaho sa isang kisap-mata.

Pagkaraan ng ilang sandali, bumalikwas siyang tigib pa rin ng luha ang mga mata. Binalingan niya ang kapirasong papel na kanina lamang ay gigil niyang nilamukos. Ito ang naghatid sa kanya ng masamang balitang iyon na nagpabigat ng kalooban niya.

Humihikbing dinampot niyang muli iyon, pinasadahan ng tingin at pagkuwa'y pinagpupunit.

Ang naturang papel ay isang liham na nanggaling sa nobyo niyang si Harvey. Kababata at kapitbahay niya ito sa Banate, Iloilo.

Hindi siya nagdalawang-isip na sagutin ito nang ligawan siya nito noong sila ay nasa ikatlong taon sa high school. Mabait at masayahin ang lalaki. Ito ang

mga katangiang naibigan niya rito.

Nagtagal ng dalawang taon ang relasyon nila, ngunit nagbago ang lahat nang tumuntong sila ng kolehiyo. Iisang universidad ang pinasukan nila bagaman magkaiba sila ng kurso. Si Arissa ay kumuha ng Hotel and Restaurant Management samantalang si Harvey naman ay nag-aral ng Mass Communications major in Broadcasting.

Nang sumapit ang kanilang ikalawang taong anibersaryo isang buwan na ang nakaraan, napansin niyang matamlay na ang pakikitungo ng nobyo sa kanya na taliwas sa natural character nito. Isang bagay na hindi niya gaanong binigyang-pansin sa pag-aakalang masama lamang ang pakiramdam nito.

Ngunit nagkamali si Arissa. Wala siyang kamalay-malay na nagpakasal na ito sa iba. Ang sinabi nito sa liham ay pinikot ito ng babaeng pinakasalan. Ganoonpaman, hindi siya napaniwala ni Harvey. Naisip niya, kung tunay itong lalaki na may paninindigan at respeto sa sarili ay hindi mangyayari ang bagay na iyon.

Nagkukukot ang damdaming ibinalibag niya sa sahig ang puting music box na nasa ibabaw ng

lamesitang naroon sa silid niya. Ibinigay iyon ni Harvey sa kanya noong unang taong anibersaryo nila bilang magnobyo.

Sa sobrang galit at hinanakit, naibulalas niya ang silakbo ng damdamin. “Pare-pareho kayong mga lalaki! Wala kayong ginawa kundi ang saktan kaming mga babae! Wala kang ipinagkaiba sa walang-kuwentang ama ko, Harvey! I hate you!” Pagkasabi niyon ay humagulhol si Arissa ng iyak.

Matagal na niyang ibinaon sa limot ang ginawang pag-abandona sa kanila ng ama upang sumama sa querida nito. Itinuring na lamang niyang isang bangungot ang nangyari.

Ngunit ang lahat ng sakit ng loob ay biglang nanumbalik sa puso niya sa ginawang pagtataksil ng kanyang nobyo. Ang masaklap pa roon, ang galit niya sa tatlong lalaking nagdulot ng sama ng loob sa kanilang mag-iina, walang pag-aatubiling idinamay niya ang lahat ng lalaki sa mundo.

Pitong taong gulang lamang siya nang iniwan sila ng kanilang ama. Tatlo silang magkakapatid at siya ang panganay. Ang pangalawa ay si Allen na noon ay anim na taong gulang at ang bunsong si Aileen

ay cinco años.

Hayagang iniwan sila ng ama at ipinagpalit sa isang mayamang babae. Marahil ay hindi na nito natiis ang hirap ng buhay nila. Ngunit para kay Arissa, hindi sapat na dahilan iyon upang talikuran na lamang sila ng kanilang ama.

Sa napakamurang edad, nasaksihan niya ang paghihirap ng kanilang ina na si Aling Lucy. Halos baligtarin nito ang inog ng mundo para mabuhay lamang silang magkakapatid. Ang ikinabubuhay nila ay ang paghango ng isda mula sa mga mangingisdang nanggaling ng laot, pagkatapos ay ilalako ng ginang ang mga ito sa kabilang bayan. Pag-uwi naman ng hapon, nagluluto ito ng mga kakanin at ititinda ang mga iyon sa harap ng kanilang bahay.

Maaari na sana nilang tiisin ang gayong sistema. Kahit mahirap, masaya naman silang mag-iina at napagkakasya nila kung anuman ang mayroon sila. Ngunit nagbago ang lahat nang muling umibig si Aling Lucy sa isang lalaking sa umpisa ay animo maamong kordero, ngunit habang tumatagal ay lumitaw ang tunay na kulay.

Daig pa nito ang isang hari kung pagsilbihan ng

kanilang ina ngunit hari rin ng katamaran. Nagsama ang mga ito isang taon pagkaraan ng paghihiwalay ng kanyang mga magulang, dahil sa paniniwala ng kanyang ina na mayroon itong masasandigan at makakatulong sa pagpapalaki sa kanilang magkakapatid.

Walang ginawa ang kanyang ama-amahan sa araw-araw kundi ang maglasing at magsugal. Pati ang perang dapat sana ay para sa pagkain nila, sapilitang kinukuha pa rin nito para ipantustos sa kahibangan nito. At kapag walang maibigay si Aling Lucy, suntok at masasakit na salita ang kapalit niyon.

Laking pasasalamat na lamang ni Arissa na hindi na nagkaanak ang kanyang ina rito. Tumagal din ng limang taon ang pagsasama ng mga ito hanggang sa walang anu-ano, nilayasan na lamang sila nito upang lumipat ng ibang pugad na masisilungan at mapapakinabangan….

# 1

*"Neng, hindi mo pagkalimtan ang bayad sa kuryente. Kinahanglan mabayaran na iyon buas,"* makarinyong paalala kay Arissa ng kanyang ina sa wikang Ilonggo habang hinuhugasan ang pinagkainan nila.

Napabuntong-hininga ang beinte años na dalaga nang maalala ang iba pang bayarin. Kapag ganitong nag-aabut-abot ang intindihin niya, hindi niya maiwasang mag-isip ng maraming bagay. Malimit din niyang tinatanong ang sarili kung darating pa kaya ang panahon na makakaahon ang pamilya niya sa hirap.

Napamulagat siya nang muling magsalita si Aling Lucy. "Neng, iyong kuryente natin, kailangang mabayaran bukas," ulit nito.

Mahal na mahal niya ang pamilya at kailanman, hindi niya maaaring pabayaan. Sa mga ito lamang umiikot ang mundo niya. Kahit ano ang mangyari, hindi niya mapapahintulutang may makasakit muli sa mga ito. Handa niyang talikuran ang sariling kaligayahan para sa kapakanan ng mga ito.

"Oho, Nanay. Hindi ko nakakalimutan. Suweldo

ko naman mamaya," seryosong tugon niya habang inaayos ang sarili sa harap ng salamin.

Saglit na huminto ang kanyang ina sa paghuhugas ng mga pinggan at nakangiting humarap sa kanya. "Salamat, anak. Siyanga pala, may trabaho na ang kapatid mo. Natanggap siyang computer programmer sa Gaisano City, sa accounting department."

Kapag tungkol sa mga kapatid ang nababalitaan ni Arissa, napapangiti siya. Walang pagsidlan ang kaligayahang nadarama niya lalo na kung masaya ang mga ito.

Niyakap niya ang ina sa sobrang tuwa. Pagkaraan ay nanaig ang pagiging emosyonal nila. Kapwa sila napaiyak.

Tumutulo pa rin ang luhang nagsalita si Arissa habang pinapahid ng mga palad ang mga iyon. "Ang saya-saya ko, Nanay. Kailan mag-uumpisa si Allen?"

"Sa isang linggo na. Tulad mo, mag-uuwian siya araw-araw para raw magkakasama pa rin tayo lagi."

Muli niya itong niyakap. "Salamat sa Diyos," pabulong niyang nabigkas. Napaiyak silang muli.

Hindi nila namalayang nagising na pala si Allen

at natutuwang pinagmamasdan sila. “O, ngayon pa ba kayo iiyak, ngayong may trabaho na ako?”

Humulagpos si Arissa sa pagkakayakap sa ina at ang kapatid naman ang niyapos niya. Dito siya awang-awa noon. Hinding-hindi niya makakalimutan ang tagpong iyon….

Palabas ng pinto ang kanilang ama noon na bitbit ang maleta ng mga damit nito nang humabol ang umiiyak na si Allen at kumunyapit pa sa hita nito para pigilan ito sa pag-alis. Laking gulat ni Arissa nang tabigin ng kanilang ama ang kanyang kapatid na ikinabagsak ng huli sa sahig. Walang lingon-likod na patalilis itong lumayo. Walang nagawa si Allen kundi ang umiyak.

Mula noon, nakaukit na ang matinding galit niya sa ama. Kaya habang lumalaki siya, natutunan niyang isumpa ito.

Sa ibang banda, para makatulong sa pamilya at matupad ang kanyang pangarap na makatapos ng kolehiyo, ipinasya ni Arissa na mag-working student. Marami siyang napasukang trabaho mula noon hanggang ngayong halos ilang dipa na lamang ay makakatapos na siya ng pag-aaral.

Si Allen naman ay pinagtulungan nilang mag-

ina para mapagtapos ng dalawang taong kurso sa Computer Programming. At ngayong naka-graduate na ito at may trabaho na, plano nitong mag-aral muli at kumuha ng Computer Science.

Mahal na mahal niya din niya si Aileen lalo pa at ito ang kanilang bunso. Hindi ito gaanong naapektuhan ng paghihiwalay ng kanilang mga magulang dahil wala pa halos itong muwang noon. Ganoonpaman, nahawa na rin ito sa kanila ni Allen ng pagkamuhi sa ama.

Graduating din ngayong taon ang bunsong kapatid sa dalawang taong kursong Computer Secretarial. At tulad nila ni Allen, ipagpapatuloy rin nito ang pag-aaral kapag nagkaroon ito ng trabaho. Nais nitong makapagtapos ng kursong Office Administration.

"Ginapadayaw ko ikaw, Allen. Nasa likuran mo lang ako sa magtupad ng mga handom mo," aniya sa wikang Ilonggo na ang ibig sabihin, ipinagmamalaki niya ang kapatid habang siya ay nakaagapay rito sa pagkamit ng mga pangarap nito.

"Salamat, Ate. Utang ko sa inyo ni Nanay ang lahat ng ito. Kung hindi dahil sa inyo, baka hindi ko natapos ang pag-aaral ko," ani Allen, pagkuwa'y niyakap siya at si Aling Lucy.

"Ehem! Hay naku! Ang family ko talaga, ang aga-aga, drama ang almusal," singit ng masayahing si Aileen. "Nanay, aalis na ho ako. Maaga akong uuwi mamaya kaya matutulungan ko kayong magluto ng kakanin. Huwag na ho kayong umiyak."

Sa tawanan humantong ang tagpong iyon. Sa tuwina, si Aileen ang nagpapasaya sa kanilang tatlo. Natural dito ang pagiging masisti at malambing.

"O, sige, mag-iingat ka. Baka maiwan mo na naman ang baon mong pagkain," masuyong paalala ng ina.

"Ang sabihin ninyo, Nanay, sinasadya niya talagang iwan ang baon niya kasi dalaga na ang bunso ninyo," nakangiting buska ni Allen.

Napapangiting nagkatinginan sina Arissa at Aling Lucy. Inakbayan ng huli si Aileen kasabay ng marahang paghaplos sa buhok nito.

"Eh, ano naman ang masama kung nagbabaon ka pa rin kahit dalaga ka na?" kunwa'y inosenteng tanong nito.

Umingos ito. "Nakakahiya kaya! Katulad noong isang araw habang kumakain kami ni Rina sa kantina," tukoy nito sa kaklase at matalik na kaibigan. "May lumapit sa amin para makipagkilala pero

nang mapatingin sa baon ko, biglang nagpaalam. Mabuti pa nga si Rina, bumibili na lang sa kantina samantalang ako pati kubyertos baon ko pa!"

"Hus! Aileen, nakaaangat naman sa buhay ang pamilya ng kaibigan mo. Talagang ganoon, kapag maliit ang kumot, matuto kang mamaluktot. Saka isa pa, graduating ka naman na kaya pagtiyagaan mo munang magbaon. Kapag may trabaho ka na, puwede ka nang bumili ng makakain mo kahit sa labas pa," paalala ni Allen habang nagtitimpla ng kape.

Nanatiling nakalabi pa rin ito. "Sayang, cute pa naman sana iyong lalaking nagpakilala."

Nagmistulang dragon ang mukha ni Arissa nang marinig ang tinuran ng bunsong kapatid. Kulang na lamang ay labasan ng usok ang ilong niya. Bagay na ikinagulantang ng tatlong kaharap.

"At kailan ka pa natutong humanga sa mga mapagsamantalang lalaking kagaya niyon? Alalahanin mo, Aileen, lalaki ang dahilan kung bakit tayo namumuhay nang miserable ngayon. Lalaki ang dahilan kung bakit nadapa si Nanay sa ikalawang pagkakataon at lalaki rin ang naging dahilan kung bakit abot hanggang impiyerno ang galit ko sa kanilang lahat," naniningkit ang mga

mata na bulalas niya.

"A-Arissa?" tanging nasambit ng kanyang ina. Tila hindi ito makapaniwalang masasabi niya ang gayon.

"A-Ate, lalaki rin ako. Hindi naman siguro tama na sabihing pare-pareho kami," paalala ni Allen. "Alalahanin mong sagad sa buto ang galit ko kay Tatay, pero hindi ko kailanman ikinintal sa isip ko na kung ano ang ginawang masama ng isa ay makakaya rin iyong gawin ng lahat ng lalaki sa mundo.

"Sana bago ka nagsalita, naisip mong may kapatid ka ring lalaki. At kahit kailan, wala akong balak na sundan ang mga yapak ni Tatay," nagdaramdam na naisatinig nito.

Hindi nakakibo si Arissa. Isa-isa niyang tiningnan ang mga kapamilya.

Batid ng mga ito ang tungkol sa pagiging man-hater niya sanhi ng pag-iwan sa kanila ng ama, ng ama-amahan, at ang huli ay ang naranasang kabiguan sa nobyo, ngunit hindi kasama si Allen sa kanyang listahan. Mapagmahal at responsable ito. Hindi mababakas dito ang pagkatao ng kanilang ama ni sa anino man lamang nito.

Pagkasabi ni Allen niyon, kaagad na lumambot

ang tinig ni Arissa.

"H-hindi ko sinasadya, Allen. I'm sorry, nabigla lang ako. Alam kong iba ka sa kanila. Pero hindi ko maiwasang mag-alala para kay Aileen. Ayaw kong maranasan niya ang pinagdaanan namin ni Nanay. Gusto kong ilayo siya sa mga lalaking ganoon," humihikbing nasabi niya.

Nakaramdam ng awa sa kanya ang nag-iisang kapatid na lalaki. Nilapitan siya nito at niyakap. "Hindi ko rin sinasadya, Ate."

Nais man niyang payuhan ang sarili na huwag ipagkait ang pagkakataong umibig muli, hindi maatim ng isip ni Arissa. Bagkus, hahayaan na lamang niya na ang panahon ang magbigay-lunas sa kanyang pusong sugatan.

Tumayo si Aling Lucy. "O, siya, tama na iyan. Baka mahuli kayo. Tanghali na, Arissa, Aileen. Lagi ninyong tatandaan, mga anak, huwag ninyong hahayaang masira ng nakaraan ang magandang samahan ninyong magkakapatid. Ang nangyaring pagkakamali ay isang aral na gagabay sa inyo sa hinaharap."

Ilang sandali pa, nagpaalam na ang dalawang babae. Itinuloy ni Aling Lucy ang pagliligpit habang

si Allen naman ay tahimik na nag-almusal.

NAPABALIKWAS NG BANGON si Toffee dahil sa malalakas at sunud-sunod na katok sa pinto ng hotel room na kanyang tinutuluyan sa Iloilo City.

Tuwing ikatlong buwan ay pumapasyal siya sa siyudad na ito upang bisitahin at gawin ang quarterly audit ng *Tempting Paradise* ng *Salvatierra Perfumery,* ang negosyong pag-aari nila at minana pa ng mga magulang niya sa kanyang lolo at lola.

Mula nang mamatay ang kanyang ina na si Victoria sa sakit na cancer limang taon na ang nakakaraan, bilang nag-iisang anak, naiwan siya sa pangangalaga ng kanyang stepfather na Eleazar Peñacerrada. Inalagaan siya nito at itinuring na parang isang tunay na anak.

Isang kaibigan ang nagpakilala sa mga ito nang parehong dumalo sina Eleazar at Victoria sa isang salu-salo sa Makati mga pitong taon na ang nakakaraan. May-kaya rin ang pamilya ng lalaki sa Ilocos. Malawak ang lupain ng mga ito roon at kalahati niyon ay taniman ng mais na pinagkakakitaan ng mga ito. Hindi nagtagal, nagkaibigan ang mga ito at nagpakasal.

Makalipas lamang ang isang taon mula nang mamatay ang asawa, naaksidente si Eleazar nang ma-involve ang minamaneho nitong sasakyan sa isang smash-up sa highway. Iyon ang naging dahilan ng pagkalumpo nito. Mabuti na lamang, naturuan na nito si Toffee ng pasikut-sikot sa negosyong iyon bago naganap ang naturang aksidente.

Ang kanyang tunay na ama ay hindi na niya nagisnan. Nasa sinapupunan pa lamang siya ng kanyang ina nang mag-crash ang eroplanong sinasakyan nito patungong London para magsaliksik ng makabagong makinarya at teknolohiya sa paggawa ng pabango.

Sa ngayon, nailipat na sa kanyang pangalan ang pagiging principal owner ng *Salvatierra Perfumery*. At dahil sa pag-asenso niyon habang lumalakad ang panahon, naisip niyang magtayo ng branches ng kompanya sa Visayas. At sa tulong ng matalik na kaibigan at kaklase sa kolehiyo na si Renzo Salvador, naisakatuparan niya ang kanyang mga plano rito sa Iloilo.

Likas na Ilonggo si Renzo. Nagtungo lamang ito sa Maynila para mag-aral ng kolehiyo. Sa isang kilalang universidad sila nagkakilala at naging magkaklase. Pareho silang nagtapos ng kursong

Chemical Engineering.

Sa kasalukuyan, may sarili na rin itong negosyo. Kung si Toffee ay perfumery ang expertise, si Renzo naman ay manufacturer ng iba‘t ibang klaseng disinfectants at antiseptics.

Pupungas-pungas pa siya nang binuksan ang pinto. Hindi na siya nagulat nang mabungaran ang kaibigan. Gawi na nito ang gayon kapag nalaman nitong nasa Iloilo siya. Ito na ang manok na tandang niya sa umaga na gumigising sa kanya. Kabisado na rin nito kung aling hotel ang paborito niyang tuluyan. Nagtatanong na lamang ito sa front desk kung ano ang room number niya.

“Akala ko may kasama kang natulog dito kagabi kaya ang tagal mong buksan ang pinto,” natatawang biro nito habang pumapasok sa loob ng kuwarto.

“Loko! Ano’ng akala mo sa akin? Walang pahinga?” nangingiting sambit ni Toffee, sabay dampot sa tuwalya niya.

Naupo ito sa couch na naroon. “Bakit? Hindi ba totoo?”

“Puro ka biro.” Tinungo niya ang banyo. “Maliligo lang ako.”

Habang nagbibihis siya, nag-umpisang magkuwento si Renzo.

“Pare, kung ilang araw na akong kinukulit ni Eartha. Kailan ka raw babalik dito? Tawagan mo raw siya.”

Nakilala nilang magkaibigan ang babae sa isang beach party ng isang common friend tatlong buwan na ang nakakaraan. Mestiza at masayahin ito ngunit masyadong mainit pagdating sa sex. Sa mismong gabi ng pagkakilala nila, napatikim na niya kaagad dito ang langit.

“Bakit ko siya tatawagan? Girlfriend ko ba siya?” nangingiting turan niya.

Natatawang napakamot si Renzo ng batok. “Kung bakit kasi nilambing mong masyado, hindi mo naman girlfriend. Ayan tuloy, habol nang habol.”

Nakangising sinenyasan niya ito para lumabas na sila ng silid. Habang naglalakad sila sa pasilyo, patuloy sila ng kuwentuhan.

“Pasensya siya. Nagkataong naghahanap ako noon ng flavor of the month ‘tapos nagpakita siya ng motibo. Ano’ng magagawa ko, lalaki ako?” Itinuro pa ni Toffee ang kanyang dibdib gamit ang hinlalaki bilang pagmumuwestra.

Napatawa nang malakas ang kaibigan. "Ibig mong sabihin, pare, dadalhin mo sa paraiso ang bawat babaeng magpapakita ng motibo sa iyo?"

Sinuntok niya ito sa braso bilang protesta. "Hindi naman lahat. Basta maganda, sexy, at siyempre, iyong type ko."

Dumaan muna sila sa restaurant ng hotel para mag-almusal. Dahil kapwa sila hindi sanay sa heavy breakfast, toasted bread at coffee lamang ang in-order nila.

"Toff, hanggang kailan ang bakasyon mo rito?" tanong ni Renzo habang humihigop ng kape.

"Tulad ng dati, walang eksaktong petsa. As long as I'm done with my auditing, I'll fly back to Manila. Kailangan din ako ng main branch ko roon. Hindi rin ako puwedeng magtagal dahil nalulungkot ang stepfather ko kapag wala ako sa bahay. Alam mo naman, dalawa na lamang kaming nagtutulungan," aniya.

"Kumusta na nga pala ang stepfather mo?"

Banaag ang lungkot sa mukha ni Toffee nang mabanggit nito ang tungkol sa kanyang ama-amahan. Naging mabuting guardian ito sa kanya bukod sa naging mabait at mapagmahal na pangalawang

asawa ng kanyang ina.

"Hayun, it has been four long years na naratay siya sa kanyang wheelchair. I tried hard to help him though I know that his recovery will never be a possible thing to happen. Malubha kasi ang sinapit ng mga paa niya sa aksidenteng iyon. Ganoon ko siya kamahal being my stepfather."

Tinapik siya nito sa balikat. "I'm sorry to hear that, pare."

Tumango si Toffee. Mayamaya, tumunog ang cellphone niya. Ang tumatawag ay si Sophia, ang kanyang nobya. Nanggaling ito sa isang prominenteng pamilya ng mga business professionals sa Maynila. Nakilala niya ito sa isang cocktail party na dinaluhan niya noong isang taon.

Nabighani kaagad siya rito noong una niyang masilayan ang kagandahan nito. Bukod sa mapang-akit na mukha, napakalambot ng katawan nito. Liberated din ang babae at hindi lamang minsan niya itong naikama, naging bisyo na nila iyon tuwing magkikita sila nito.

"Hello, babe! I miss you so much! Kailan ang balik mo rito?" malambing na sabi nito mula sa kabilang linya.

"I miss you, too, babe. Hindi ko masabi kung kailan ako makakabalik diyan. One thing I'm sure of, I'll call you once I get back. I'll let you taste the heaven again, babe," aniyang kinikindatan pa ang kaibigan. "'Bye. I'll see you soon." Ibinalik na niya ang cellphone sa bulsa ng pantalon.

"Pare, mahal mo na ba si Sophia? O pasttime mo lang din?" tanong ni Renzo.

Napapailing siya habang nangingiting tiningnan ito. "Parang hindi mo ako kilala kung magsalita ka, Renzo."

"Alam kong babaero ka at wala kang pinapatawad na babae. Hindi rin nagtatagal ang mga relasyon mo. Mabuti't umabot pa ng isang taon ang relasyon ninyo ni Sophia. Nagtataka lang ako," pambubuska nito.

"Gusto mong malaman kung bakit?" Binitin pa niya sandali ang sasabihin. "Masarap siyang ikama. Masyadong makislot, parang sawa. Hindi mo agad pagsasawaan."

"Sabi ko na nga ba, Sophia is just one of your bedtime hobbies." Nagseryoso ito, pagkuwa'y muling nagtanong, "Toff, you're already twenty-eight. Kailan ka ba magseseryoso sa isang relasyon?"

Natawa siya. Si Renzo ay babaero ring tulad niya. May plano pa nga sila na magsasawa muna sa pagkabinata bago lumagay sa tahimik. Bakit ngayon ay parang siya lamang ang lumalabas na nang-aagrabyado ng mga babae?

"Hey! Look who's talking. Are you joking or possessed?"

"I'm not joking, pare. And believe it or not, I'm not possessed either. I'm a hundred percent obsessed, pare. I'm getting married in six months' time. Namanhikan na kami ng parents ko last week," masayang salaysay nito.

Nabigla si Toffee sa narinig. Hindi siya makapaniwalang si Renzo ang nagsasalita.

"W-what? Three months ago lang nang sinabi mong wala pa sa isip mong sumeryoso ng babae, ah. Ngayon, engaged ka na? Paano ang usapan natin?"

"Sinabi ko nga iyon, pare. Sa maniwala ka't sa hindi, hindi mo pala masasabi kung kailan ka magmamahal nang totoo," pagpapatunay nito.

Napangiti si Toffee. Kahit hindi pa niya nararamdaman ang tinutukoy nitong tunay na pagmamahal, masaya siya para sa kaibigan. At sa ipinakikitang sigla sa kilos nito, nakakasiguro siyang

maligaya ito sa piling ng babaeng pakakasalan.

"And who's the lucky girl?" tanong niya.

"Her name is Gillian Recuerdos. Hayaan mo, pare. Ipapakilala kita sa kanya," anitong hindi nababawasan ang ngiti.

# 2

Umibis ng jeep si Arissa sa tapat ng *Sarabia Hotel* kung saan tinatapos niya ang kanyang on-the-job training. Napapangiti siya sa isiping dalawang buwan na lamang ay magtatapos na siya sa kolehiyo.

Sa front desk siya nakasalang ngayong linggong ito. Pinagbubuti niya ang nakatakdang gawain sa bawat minutong pananatili niya sa hotel sapagkat dito niya binabalak makapagtrabaho nang permanente balang araw.

Bahagya siyang nataranta nang masulyapan niya ang kanyang wristwatch. Labinlimang minuto na lamang ay alas siete na ng umaga. Shifting ang oras ng trabaho sa hotel at morning shift ang schedule niya tuwing Martes at Huwebes samantalang ang ibang mga araw ay ginugugol naman niya sa kanyang pag-aaral sa universidad.

Kailangan pa niyang magpalit ng unipormeng pang-OJT na kasama sa kasunduan ng universidad at ng management ng hotel. Dahil sa pagmamadali at sa kaiisip ng maraming bagay, nakabungguan niya ang isang matangkad na lalaki kasama ang isa ring lalaking kasintaas nito. Nakapasok na siya noon sa

lobby ng hotel.

Nabitiwan ni Arissa ang kanyang bag. Dagli namang dinampot iyon ng lalaki at maingat na iniabot sa kanya. Nakangiti ito samantalang wala ni katiting na ngiti na namutawi sa manipis niyang mga labi. Bagkus, yamot ang gumuhit sa maamong mukha niya.

"I'm sorry, Miss. I didn't mean to…" anito.

Lalong umasim ang mukha niya.

*"Nami nga porma mo, hangag ka naman,"* aniya at mabilis na humakbang palayo.

PATULOY SA KUWENTUHAN sina Toffee at Renzo habang papalabas ng hotel. Bawat makasalubong nila, babae man o lalaki, hindi maiwasang mapatitig sa kabuuan ng magkaibigan. Mala-Adonis ang pisikal na katangian nila. They were the type who could excite every woman's heartbeat and worse, they could stop it from beating.

"O, pa'no, pare, see you tonight. Same place, Barrio *Inasal*," nakangiting anyaya ni Renzo.

"No problem. Doon na tayo magkita."

“Ano nga pala ang sasabihin ko kay Eartha kapag tinanong ka?”

Nabakas ang isang malisyosong ngiti sa mukha ni Toffee. “Tell her na pupuntahan ko siya sa apartelle niya one of these days.”

Tinapik siya nito sa balikat. “Okay, okay. Nanghihinayang ka pa rin sa pagkakataon na hindi siya makita, ah.”

“Hindi sa ganoon. Iba na iyong may exercise habang narito ako sa Iloilo,” aniyang natatawa.

Natawa rin si Renzo. “Hindi ka pa rin nagbabago. Pare, kapag nagmahal ka at pinakasalan mo ang susunod na babaeng makikilala mo, I promise ako ang sasagot sa honeymoon trip and expenses mo,” seryosong sabi nito.

Muli siyang natawa. “Salamat, pare, pero mukhang malabong mangyari iyon sa ngayon.”

“Hindi mo masasabi iyan.” Pinalo siya nito sa balikat. “Like in my case, Gillian was just one of my flings. When she caught me having romantic moments with another woman, she left me without a word. I thought life would be easier without her. Pero nagkamali ako. I almost turned half-crazy when I realized how much I love her,” halos hindi

humihingang pagkukuwento ni Renzo.

Hindi niya nagawa pang matawa sa mga sinasabi nito. Kitang-kita niya ang malaking pagbabago ng kaibigan sa pananaw nito sa pag-ibig. Hindi niya namalayang nakakabuo na siya ng imahinasyon kung saan nababanaag niya ang sarili na nagmamahal ng isang babaeng ihaharap niya sa dambana.

Nasa malalim na pag-iisip si Toffee habang binabaybay nila ang pasilyo paliko sa front desk. Bigla siyang natauhan nang mabangga ang isang nagmamadaling babae. Nabitiwan nito ang hawak na bag. Kaagad niyang dinampot iyon at nakangiting iniabot dito.

"I'm sorry, Miss. I didn't mean to…" paghingi niya ng paumanhin.

Nagtaka si Toffee dahil sa kabila ng ginawa niya, lalong nagalit ang babae. Gamay na kasi niya ang reaksyon ng kababaihan kapag natititigan niya. May mga pagkakataon pa nga na kapag nangitian at natitigan na niya ang isang babae, natutulala na lamang ito o di kaya ay ito pa ang kusang nagpapakilala at humihingi ng numero ng cellphone niya. Ngunit tila naiiba ang isang ito. Para siyang lalapain kung tingnan nito.

*"Nami nga porma mo, hangag ka naman,"* anito at mabilis na humakbang palayo.

Sa kauna-unahang pagkakataon, kahit hindi niya naintindihan ang sinabi nito, nakaramdam si Toffee ng pagkapahiya sa sarili. Ngayon lamang niya naranasan ang gayon.

"Ano'ng sinabi niya?" tanong niya sa kaibigan.

"Maganda raw ang porma mo, tatanga-tanga ka naman," ani Renzo saka bumunghalit ng tawa.

Sa halip na magalit sa inasal at tinuran ng babae, animo ay walang masamang epekto sa kanya iyon at nakuha pa niyang sundan ito ng tingin.

Kahit nagmamadali ang babae at parang tigre, kahali-halina ito kung lumakad. Babaeng-babae kung pagmamasdan ito. That woman showed complete charm in the way she walked.

Nang balingan niya ng tingin si Renzo, nangingiti ito habang nakapamulsa.

Hindi niya napigilan ang magtanong. "P-pare, kilala mo ba ang babaeng iyon?"

"Hindi ba dapat ako ang magtanong niyan sa iyo dahil ikaw ang naka-check-in dito?" balik nito.

Nagpalinga-linga siya, pagkuwa'y napatingin sa babaeng nasa front desk nang oras na iyon. Lumapit siya rito samantalang si Renzo ay nanatiling nangingiti habang sinusundan siya.

"Miss, did you notice the woman who just passed by?" walang-gatol na tanong niya rito.

Ngumiti kaagad ang babae. "Yes, Sir."

"Ano ang pangalan niya?"

"Sir, her name is Arissa Mendez. She's one of the on-the-job trainees of the hotel."

Tumango siya habang matamis na nangingiti. "Thank you, Miss."

Babalingan na niya si Renzo nang maunahan siya nito sa pagsasalita.

"Pare, don't tell me na popormahan mo pati ang estudyanteng iyon?"

Natawa si Toffee. "Natutuwa lang ako. Maganda siyang lumakad. Makapigil-hininga."

"Pare, maawa ka naman sa kanya. Hayaan mong makatapos ng pag-aaral ang babaeng iyon. Mukhang seryoso sa buhay at walang interes sa lalaki," anito.

"Hindi na iyon bata. Mukha ngang graduating

student na. Isa pa, magkakainteres na iyon sa lalaki kapag nakilala niya ako," pagmamayabang pa niya.

"Kanina nga lang, parang lalapain ka na niya. Ano pa kaya kapag nalamang babaero ka? Ewan ko lang."

Tinapik niya sa balikat si Renzo. "Hey! Kaibigan ba kita o ano?"

"Kaibigan nga kita kaya pinapayuhan kita nang tama. Huwag mong papatulan ang estudyanteng iyon. Halatang seryoso sa buhay ang isang iyon at mukhang maraming alalahanin. Kapag niloko mo lang siya, siguradong didibdibin niya iyon at maaaring ikasira ng kinabukasan niya. At walang iba kundi ikaw ang may kasalanan ng lahat kapag nagkataon."

Simpleng ngiti lamang ang isinukli ni Toffee sa litanya ng kaibigan. Ngunit sa isang sulok ng isip niya, isang plano ang makulay na nabuo.

ALAS DOS NG HAPON. Maingat na inaayos ni Arissa ang registration logbooks sa front desk habang hinihintay niya ang regular employee na kapalit niya sa shift na iyon. Mayamaya, dumating ang hotel assistant supervisor for front desk operations na

si Miss Ocampo, isang dalagang balingkinitan ang pangangatawan, katamtaman ang taas, at ang edad ay nasa mid-thirties.

Nakangiting lumapit ito sa kanya. "Arissa."

"Ma'am Estrel?" nakangiti ring tugon niya.

"Tumawag si Sheriel na kapalit mo sa shift. May aberya raw sa bahay nila at hindi siya makakarating ngayong araw. Puwede ka bang mag-double shift ngayon?" tanong nito.

"Sige po, Ma'am Estrel, kaya lang po ay kailangan kong mag-out ng alas cinco. Alas seis po kasi ang pasok ko sa trabaho," paghingi niya ng permiso.

"Ikaw ang bahala. Ako na ang magpapatuloy sa natitirang oras." Nakangiting naupo ito sa bakanteng upuan sa tabi niya.

"Maraming salamat po."

Sumeryoso ang anyo nito. "Alam mo, Arissa, napakasuwerte ng mga magulang mo na nagkaroon ng anak na katulad mo. Napagsasabay mo ang trabaho at pag-aaral mo. Nakakatulog ka pa ba?"

Napangiti siya kasabay ng malalim na buntong-hininga. "Kailangan pong magsipag ako dahil kung hindi, kawawa ang nanay at mga kapatid ko."

Sa pakiwari niya, nais magtanong ni Miss Ocampo tungkol sa kanyang ama ngunit hindi nito itinuloy. Nagpapasalamat siya sa Diyos na ito ang naging supervisor niya. Mabait ito at madiplomasyang kausap. Kahit estudyante pa lamang siya, itinuturing siya nitong kaibigan. Hindi nito nilalagyan ng distansya ang estado nila sa buhay maliban sa mga bagay na hinihingi ng kanilang trabaho.

“Malapit ka na namang makatapos ng pag-aaral mo. Mas magkakaroon ka ng pagkakataong makatulong sa pamilya mo. Napakabait mong bata, Arissa,” nakangiting saad nito.

“Magaan po sa pakiramdam ang tumulong sa kanila at napakasaya ko kapag nakikita ko rin silang masaya. Kaya lang po, hindi ko maiwasang maalala ang pag-iwan sa amin ng ama ko tuwing pinagmamasdan ko ang pamilya ko at lalo akong nagtatanong sa sarili ko kung bakit niya kami natiis,” himutok niya sa garalgal na boses.

“I’m so sorry to hear that, Arissa.” Nagbuntong-hininga ito. “Naniniwala ka bang may dahilan ang bawat nangyayari rito sa mundo? Hindi nga lang natin maintindihan ang karamihan dahil kaakibat natin ang ating emosyon—isang bagay na natural sa atin. Sa pagdating ng panahon, unti-unti nating

naiintindihan ang mga bagay na ito at doon lamang magsisimulang umusbong ang ating pang-intindi para makalimutan natin ang isang malungkot na nakaraan at ang pagsilay ng bagong umaga," seryosong sabi nito.

Sa kabila ng malungkot at malamlam niyang mga mata, sinikap niyang ngumiti. Sa isang banda, may katotohanan ang sinabi ng kausap at sa isang bahagi ng puso niya, nais niyang dumating ang panahon na iyon. Ngunit kailan? Matinding poot ang naghahari ngayon sa dibdib ni Arissa, na sa lalim, parang hindi ganoon kadali ang makalimot.

# 3

"Sir Toffee?" nagtatakang pukaw ng branch manager ng *Tempting Paradise* sa *Gaisano City* na si Lizette. Napansin kasi nito na tila wala sa sarili ang binata.

"Ano'ng sinabi mo, Lizette?" napatingalang sambit ng binata habang nakaupo sa harap ng mesa niya at iniisa-isa ang ilang papeles na hawak.

"Narito na po ang quarterly reports pati ang statistical report of sales ng branch," anito.

"Thank you. You can go back to work habang pinag-aaralan ko ang mga ito. If I find it correct and accurate, please reproduce a copy for each of these reports. Retain a copy for the branch while I'll bring the authentic copy," utos niya.

"Okay, Sir."

Mataman man niyang tinitingnan ang mga papeles na iniwan ni Lizette, wala roon ang isip niya. Tangkain man niyang basahin ang una hanggang ikalawang linya niyon, isang maamong mukha ang pilit na sumisingit sa isip niya.

*Ang babaeng iyon… Bakit hindi siya maalis sa*

*isip ko? Ang ganda ng mga mata niya kahit nagagalit. At kung lumakad, very attractive. Arissa… Arissa pala ang pangalan niya*, tukso ng isip niya.

Ipinilig ni Toffee ang kanyang ulo upang mabalik ang atensyon sa mga papeles. Pinasadahan niyang muli ng tingin ang una hanggang ikaapat na linya. Pilit niyang iwinawaksi sa isip ang babaeng sa kauna-unahang pagkakataon ay gumugulo ang takbo ng katinuan niya.

Ngayon lamang nangyaring iniisip niya ang isang babae na kanina lang niya nakita. Dati-rati naman, kapag natipuhan niya ang isang babae, nasa isip lamang niya ito kapag kaharap niya ito o kaya ay kasama. Ni hindi na ito sumasagi sa isipan niya kapag hindi na niya nakikita.

Talagang kakaiba ang isang iyon na nakaengkuwentro niya kanina. Halatang disgusto ito sa kanya ngunit hindi niya makalimutan.

Dagli niyang itiniklop ang folder na kinalalagyan ng reports. Tumayo siya at tinungo ang kinauupuan ni Lizette at ibinalik iyon dito.

“Lizette, pakitabi na muna ang mga ito. Bukas ko na pag-aaralan. May aasikasuhin lang ako ngayong hapon,” aniya, pagkuwa’y tumalikod.

PAPASOK PA LAMANG si Toffee ng hotel, kumakabog na ang kanyang dibdib dahil namataan niya si Arissa na tahimik na nakaupo sa front desk. Nakayuko ito at inaayos ang ilang papeles kaya hindi nito namalayang pumasok siya.

Napalunok siya nang mag-angat ito ng mukha at magtama ang kanilang mga paningin ngunit kaagad nitong binawi ang tingin. Nagtaka siya nang bahagya sa ginawi nito. Tila bale-wala rito ang presence niya. Parang hindi nila naengkuwentro ang isa't isa kanina.

Pakiramdam ni Toffee, nawala ang kumpiyansa niya sa sarili nang mga sandaling iyon. Kung tutuusin, madali sa kanya ang magpaibig ng babae. Pinaiikot lamang niya ang mga ito sa kanyang mga palad. Sisiputin lamang niya kung kailan niya gusto at iiwan kung ayaw na niya.

Naalala niya ang hawak na isang dosenang pulang rosas. Napaisip siya kung ano ang mayroon sa babaeng ito. Simula't sapul, hindi niya ugaling manuyo at magbigay ng bulaklak sa sinumang babae.

Sa halip na umiral ang pride, napangiti siya sa isiping iyon. Marahan siyang lumapit sa front desk. Medyo nataranta pa siya nang magsalita si Arissa.

"Good afternoon, Sir. Can I help you?" anitong nakangiti.

"Oh, yes. Hello, Arissa. My name is Toffee Salvatierra," nakangiting pakilala niya sa sarili.

Simpleng ngiti lamang ang iginanti nito na tila nahuhulaan ang pakay niya. Nanatili itong nakatingin sa kanya na para bang nag-aabang ng susunod niyang sasabihin o itatanong.

"Sorry sa nangyari kanina. Hindi ko sinasadyang mabunggo ka. Here, I brought you some flowers. Peace offering," aniya habang iniaabot ang kumpol ng mga rosas.

"Sorry din po kanina, Sir. Nagmamadali kasi ako kaya hindi ko kayo napansin. Pero hindi mo naman kailangang magbigay ng bulaklak sa tuwing may makakabanggaan ka," sarkastikong sabi nito bagaman nakangiti.

Nag-init ang mukha ni Toffee. Ganoonpaman, hindi siya nagpahalatang napahiya. Muli niyang iniabot ang mga bulaklak kasabay ng malagkit na mga titig.

"No, Arissa. Walang ibang ibig sabihin ang mga bulaklak. Pang-peace offering ko lang talaga."

"Mr…?"

"Toffee Salvatierra. You can call me 'Toffee.'"

"Mr. Salvatierra, walang sino mang lalaki ang magbibigay ng mga bulaklak sa isang babae kung walang ibig sabihin. If that's your way of asking peace, then you can have it. Hindi rin naman tayo nag-away, di ba? We can talk better even without the flowers. Now, if you'll excuse me, marami pa po akong gagawin," litanya nitong nawala ang pagkakangiti.

Matagal na natigilan ang binata. Hindi siya nakakibo. Mag-uumpisa pa lamang siyang manligaw, tinanggihan na kaagad siya nito! Parang dinurog ang puso niya sa narinig. Ganoon pa man, hindi niya nagawang magalit kay Arissa. Sa katunayan, lalo pang umigting ang pagkahalina niya rito. Ni hindi ito kababanaagan na nagpapakipot lamang. Tila wala talaga itong interes sa kahit na sinong lalaki. Mukhang tama nga si Renzo.

Hindi niya ito dapat isali sa listahan niya. Hindi na niya dapat ituloy ang panunuyo rito gayong wala naman siyang maaasahan. Higit sa lahat, ayaw niyang nanliligaw ng babae. Subalit may kung anong bahagi ng kaibuturan niya ang tumututol. Hindi niya mawari kung bakit.

PAGTALIKOD NI TOFFEE, parang kinurot din ang puso ni Arissa sa hindi niya malamang kadahilanan. Aminado siyang humahanga sa kakisigan nito, ngunit maagap niyang pinaalalahanan ang sarili na hindi na siya dapat magmahal. Ang tingin niya sa binata ay iyong tipo na hindi marunong magmahal nang totoo at nagbibilang lamang ng babae.

Ngunit nang maalala niya ang tagpong binabara niya sa usapan ang lalaki, lihim siyang napangiti. Muli, pinagalitan niya ang sarili. Napaigtad siya nang magsalita si Miss Ocampo. Nasagi niya ang ilang salansan ng mga papeles at nahulog ang mga iyon sa lapag. Mabilis niyang pinulot ang mga iyon habang ang isip ay patuloy na naglalakbay pabalik sa pag-uusap nila ni Toffee. Nakaalis na ang lalaki nang dumating ang kanyang supervisor.

"Pasensya na po, Ma'am Estrel," paumanhin niya habang ibinabalik sa masinsin na salansan ang mga papeles.

Nang hindi sumagot ang kausap, nilingon niya ito. Nagtaka siya kung bakit nakatitig ito sa kanya nang makahulugan at nangingiti.

"Ma'am? M-may problema po ba?" kinakabahang tanong niya.

"Wala naman, Arissa. Natutuwa lang ako sa iyo," anitong nakatitig pa rin sa kanya na tila binabasa ang laman ng isip niya.

Marahan siyang yumuko na para bang sa paraang iyon, hindi magagawang basahin ng kausap ang iniisip niya.

Hindi nalingid dito ang ginawa ni Arissa. Sa halip na hindi na lamang siya pagtuunan ng pansin, humalakhak pa ito. Bagay na nagpakunot ng noo niya. Lalo itong natawa.

"Ma'am Estrel, huwag naman kayong ganyan," aniya, kunwa'y nagmamaktol.

Muling tumawa ito. "Arissa, huwag ka nang maglihim sa akin. Hindi ba't isang kapatid ang turing mo sa akin?"

Tumango siya ngunit nanatiling nakayuko.

"Tumingin ka nga sa akin nang derecho," seryosong sabi nito. "Attracted ka rin sa guwapong binatang iyon, ano?"

"S-sino pong lalaki? Marami akong nakakausap na tao rito sa front desk. Hindi ko po maalala kung sino roon," kunwa'y patay-malisyang tugon niya.

Napangiti ang supervisor. "Hay naku, Arissa!

Huwag ka nang magmaang-maangan diyan. Kitang-kita ko ang pambabale-wala mo kanina kay Mr. Salvatierra. Bakit hindi mo tinanggap ang mga bulaklak?"

Napabuntong-hininga siya. "Kasi po hindi ko siya kilala maliban sa pangalan niya dahil nagpakilala siya kanina."

"Eh, di sana tinanggap mo na lang iyong mga bulaklak. Wala namang masama roon, di ba?"

"Kahit na po. Mukha siyang palikero at wala siyang patawad sa mga babae," nakataas ang isang kilay na tugon niya.

"Malay mo, tinamaan sa iyo," tudyo nito. "Ikaw pala ang tototohanin niya this time kung totoo ngang palikero siya.  Why don't you give him a chance na magkalapit kayo?"

"Iyan po ang napakaimposibleng mangyari. Sa naranasan ko sa tatay ko, sa stepfather ko, at sa ex-boyfriend ko, malabong mabalik ang tiwala ko sa mga lalaki lalo na sa tipo ng isang iyon. Siguro talagang ipinanganak ako at ang nanay ko para iwan ng mga lalaki," seryosong sabi niya na lumamlam na naman ang mga mata.

Tinapik siya ni Miss Ocampo sa balikat

pagkatapos ay nagbuntong-hininga ito. "Arissa, huwag mong sabihin iyan. Walang ipinanganak na malas dito sa mundo. At kung tungkol sa mga lalaki, hindi lahat sa kanila ay iisa ang ugali. May mga manloloko at babaero kung pagmamasdan pero sila pa pala ang tapat kung magmahal. Mayroon namang mukhang santo at di-makabasag-pinggan, pero sila pa ang walang-pakundangan kung magsamantala ng mga babae.

"Hindi ko sinasabi na mabait ang isang iyon dahil lang sa magandang lalaki siya. Ang ibig kong sabihin, huwag kang padalus-dalos ng desisyon lalo na kapag tungkol sa pag-ibig. Pag-isipan mo pa ring mabuti. Higit sa lahat, hindi lunas sa kabiguan ang tuluyang pagkandado sa puso."

Nagbuntong-hininga muna ito saka nagpatuloy sa pagsasalita, "Give yourself a chance. You're too young to be frustrated in life and in love just because of one or two disappointments. Life has so much to offer, Arissa. It's not mere pain. Try to feel the peace and warmth that life can give you. Open your heart and you'll see, someday you'll realize that everything I'm saying is true."

Tumangu-tango siya kahit hindi niya masabi rito na sukdulan ang galit niya sa mga lalaki at sumumpa

siyang hinding-hindi na muling magmamahal.

"Alam mo ba, Arissa, iyong Toffee Salvatierra na iyon ang may-ari ng *Tempting Paradise* sa *Gaisano City* and *SM*?"

Tahimik lang siyang nakikinig kaya nagpatuloy ito sa pag-iimporma.

"Dito siya lagi nag-i-stay sa hotel tuwing may quarterly audit sa branches niya. After two weeks, bumabalik na siya sa Manila."

Kumulimlim ang paligid sa paningin niya dahil sa narinig. *Hindi pala siya taga-rito. Kung gayon, maaaring gusto niya akong isali sa mga babaeng pampalipas-oras niya. Puwes, nagkakamali siya*, untag ng isip niya habang salubong ang mga kilay.

Sa kabila ng naisip, hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit parang kalahati ng utak niya ay hindi sumasang-ayon. Napapikit siya sandali dulot ng palaisipang iyon.